Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-3 NG OKTUBRE, 2001, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:12 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .............. | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | .............. | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | .............. | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .............. | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .............. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .............. | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .............. | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | .............. | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 226-T2001*

*KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY-PAHINTULOT KAY GNG. ARSENIA ALCANTARA NA MAMAHALA SA ITATAYONG "ROLLING STORE" SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NA BAHAGI NG PROGRAMANG "TINDAHAN NI GLORIA LABANDERA" NA PROYEKTO NG KGG. PANGULO NG BANSA, GLORIA MACAPAGAL ARROYO.*

*SAPAGKA'T*, may programa ang pamahalaang nasyunal sa pagtulong at pakikiisa ng pamahalaang lokal na tinaguriang Tindahan ni Gloria Labandera;

*SAPAGKA'T*, bahagi ng programang ito ay makapaglayo ng "rolling store" sa barangay upang makapagtinda ng bigas, asukal at mga groserya sa mababang halaga;

*SAPAGKA'T*, malaking tulong ito para sa maliliit na mamamayan, lalo na sa panahong itong lubhang nadarama ang pagtaas ng bilihin at mabagal na pagsulong ng ating kabuhayan;

*SAPAGKA'T*, kailangang kilalanin ang hahawak at magpapatakbo ng programa bilang pagsunod sa mga kaukulang panuntunan o kautusang itinatadhana sa ilalim ng pagpapatupad ng Pambayang Pangasiwaan sa Pagkain (National Food Authority).

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Florencio C. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap ay

*PINAGPASIYAHAN*: Na bigyang-pahintulot si Gng. Arsenia Alcantara na mamahala sa itatayong "rolling store" sa bayan ng Santa Cruz, Laguna na bahagi ng programang "Tindahan ni Gloria Labandera" na proyekto ng Kgg. Pangulo ng Bansa, Gloria Macapagal Arroyo.

*INIUUTOS*: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Gng. Arsenia Alcantara, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan